



NANOS

Patient Brochure

Hemifacial Spasm

Copyright © 2015. North American Neuro-Ophthalmology Society. All rights reserved. These brochures are produced and made available "as is" without warranty and for informational and educational purposes only and do not constitute, and should not be used as a substitute for, medical advice, diagnosis, or treatment. Patients and other members of the general public should always seek the advice of a physician or other qualified healthcare professional regarding personal health or medical conditions.

Ang doktor mo ay nagdiagnose ng Hemifacial spasm, isang chronic na karamdaman na nakakaapekto sa kalahati ng mukha. Ang pasyente na may Hemifacial syndrome, ay nakakaranas ng hindi sinasadyang pagliit o “spasm” sa kalahati ng mukha. Ang apektadong bahagi ng mukha ay lumiliit, habang ang kabilang bahagi ay nananatiling normal. Ang mata sa kalahating bahagi ng mukha ng may spasm ay nagsasarado, at ang sulok ng bibig ay humihigpit at umaakyat. Ang spasm ay pwedeng sandali lang o matagal, at natritrigger ng pagalaw ng mukha. Ang mga spasms ay hindi tumitigil kahit natutulog. Ang mga lalaki at mga babae ay naapektado ng pantay. Ang spasms ay pwedeng madagdagan ng stress o kaba at nababawasan ng mga gamot tulad ng lorazepam (Ativan). May mga pasyente na nakapansin na ang alak ay nakakabawas din sa dami ng spasms, subalit ang dami ng alak na kailangan para bawasan ang spasms ay hindi kanais-nais.

Ang sanhi ng hemifacial syndrome ay isang ugat na nakapatong sa facial nerve habang pumapasok ang nerve sa utak. Nakakatulong minsan ang surgery, nilalagay ang isang maliit na sponge sa pagitan ng ugat at ng facial nerve. Ang tawag dito ay “facial nerve decompression”. Subalit, ang pinakaligtas na paraan ay ang pagbibigay ng botulinum toxin injection, o ang tinatawag na BOTOX.

Botulinum Toxin

Ang botulinum toxin, o BOTOX, ay isang mabisang gamot para sa hemifacial spasm. Isang maliit na patak ng BOTOX as tinuturok sa ilalim ng balat sa apektadong bahagi ng mukha. Paglipas ng ilang araw, nakikita na ang epekto ng BOTOX, nababawasan ang higpit at humihina ang kalamnan ng mukha. Maraming ophthalmologist at neurologist ay nagbibigay ng BOTOX para sa hemifacial syndrome. Ang mga inhiksyon ay pwedeng gawin sa opisina ng doktor at nakatatagal ng lima hanggang sampung minuto. Nawawala ang epekto ng BOTOX paglipas ng tatlong buwan at kelangang itong ulitin. Karamihan ng mga pasyente ay walang side effects mula sa inhiksyon, ngunit maari ding magkaroon ng pasa sa lugar ng inhiksyon, sandaling pagbagsak ng talukap ng mata, at pagdodoble ng paningin.

Facial Nerve Misdirection Syndrome

Ang facial nerve misdirection syndrome ay isang karamdaman na magkatulad ng hemifacial syndrome. Ang sanhi nito ay ang maling koneksyon ng mga nerve pagkatapos ng facial nerve palsy o Bell’s Palsy. Kadalasan, pag gumaling ang nerve, bumabalik ang tamang koneksyon nila sa mga kalamnan ng mukha. Pero minsan, ang gumagaling na nerve ay kumakabit sa maling kalamnan. Sa mga kasong ito, kapag gagana o nastitumulate ang facial nerve, gumagalaw ang maling kalamnan, o mas maraming kalamnan ay gumagalaw kaysa normal. Ang maling pagkabit ng mga nerves ay nagiging sanhi ng mga anomalya, tulad ng paggalaw ng bibig ng pasyente kapag pinipikit ang mata

o pumipikit naman ang mata kapag ngumingiti or sumisipol. Ang pinipiling inhiksyon ng BOTOX ay kayang itigil ang maling pagtira ng mga facial nerves at ibalik ang normal gawa nito.